



FEMA



Mga Advisory Base Flood Elevation (ABFE) ni Hurricane Sandy

Habang nagsisimulang makabawi ang mga komunidad mula sa mga mapanalantang epekto ni Hurricane Sandy, mahalagang matukoy ang mga leksyong natututunan at gumamit ng mga pagkilos ng mitigation na magtitiyak na itatayo ang mga istraktura nang mas matibay, mas ligtas, at mas hindi madaling mapinsala ng mga kaganapan ng pagbaha sa hinaharap.

Bago dumating si Hurricane Sandy, pinag-aaralan ng Federal Emergency Management Agency (FEMA), bilang tagapangasiwa ng National Flood Insurance Program (NFIP), ang mga lugar ng mga tabing-dagat ng New Jersey at New York upang mag-update ng mga Flood Insurance Rate Map (FIRMs). Itinakda ang mga na-update na mapang ito na mahatid sa mga opisyal na pang-estado at lokal sa gitna ng 2013. Dahil 25 taon ang nakalipas buhat noong ginawa ang umiiral na FIRM para sa mga lugar na ito, at dahil hindi pa tapos ang mga na-update na FIRM, mahalagang magbigay ng mga panandaliang Advisory Base Flood Elevation (ABFE) upang suportahan ang mga pagsusumikap sa muling pagtatayo ng gusali sa panandalian.

Ang mga ABFE ay nababatay sa mabisang agham at engineering, at nakukuha mula sa mas napapanahong data at mga pinahusay na metodolohiya ng pag-aaral kung ikukumpara sa mga umiiral na FIRM. Batay sa isang pagtatasa kasunod ng mga kamakailang kaganapan ng bagyo, kasama si Hurricane Sandy, natukoy ng FEMA na hindi sapat na naipapakita ng mga base flood elevation na ipinapakita sa ilang umiiral na FIRM ang kasalukuyang peligro ng flood hazard sa tabing-dagat. Sa karamihan ng mga kaso, nagpapakita ang ABFE ng mas mataas na baha kaysa sa mga kasalukuyang regulatory na FIRM. Dapat na makipag-ugnayan ang mga may-ari ng ari-arian at negosyo sa kanilang lokal na opisyal sa pagtatayo ng gusali upang lubusang maunawaan ang anumang mga kinakailangan para sa paggamit ng mga ABFE sa mga pagsusumikap na muling magtayo ng gusali.

Magiging available ang mga ABFE sa mga komunidad sa mga sumusunod na lugar:

- Mga County ng New Jersey: Atlantic, Bergen, Burlington, Cape May, Essex, Hudson, Middlesex, Monmouth, Ocean, at Union.
- Mga County ng New York: Bronx, Kings, New York, Richmond, Queens, and Westchester.

Mga Available na Resource

- Para sa impormasyon tungkol sa Hurricane Sandy Recovery, bumisita sa: www.fema.gov/sandy
- Para mag-apply sa Disaster Assistance, bumisita sa: <http://www.disasterassistance.gov/>
- Magiging available sa Disyembre 2012 ang karagdagang impormasyon sa mga Advisory Base Flood Elevation sa Coastal Website ng FEMA Region II, bumisita sa: www.Region2Coastal.com
- Upang magtanong at makakuha ng impormasyon tungkol sa flood insurance at pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga Advisory Base Flood Elevation, tumawag sa National Flood Insurance Program Help Center sa 1-800-427-4661
- Upang matutunan kung paano magtayo ng gusali nang mas ligtas at mas matibay at potensyal na bawasan ang iyong mga premium sa flood insurance, i-download ang factsheet na *FEMA Building Science Resources to Assist with Reconstruction After Hurricane Sandy* sa pamamagitan ng pagbisita sa <http://www.fema.gov/library/viewRecord.do?id=6651>
- Upang makita kung karapat-dapat ka para sa mga Hazard Mitigation grant at loan, bumisita sa: www.fema.gov/hazard-mitigation-assistance
- Upang matuto pa tungkol sa National Flood Insurance Program o maghanap ng ahente ng insurance, bumisita sa: www.FloodSmart.gov o tumawag sa 1-888-229-0437
- Para sa impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa lokal na batas at permit sa pagtatayo ng gusali, makipag-ugnayan sa mga opisyal ng iyong komunidad

Magiging available ang mga geospatial data layer at mga mapa para sa mga lugar na ito sa pamamagitan ng Coastal Website ng FEMA Region II, www.Region2Coastal.com, sa Disyembre 2012. Sasamahan ng gabay ang impormasyong ito na magpaalam sa mga Pederal, pang-estado, at lokal na opisyal at tulungan sila sa paggawa ng mga mahusay na pasya tungkol sa muling pagtatayo ng gusali.

Matagumpay na ginamit ang mga ABFE sa mga pagsusumikap ng muling pagtatayo ng gusali pagkatapos ni Hurricane Katrina (2005). Ginamit ang maraming komunidad sa Louisiana at Mississippi ang mga ABFE, na humantong sa mga may-ari ng bahay at negosyo na muling magtayo nang mas mataas at mas matibay, at sa ilang kaso ay nagresulta sa mga diskwento sa premium ng flood insurance para sa mga policy holder na nasa mga lugar na mataas ang peligro.

Sa New Jersey at New York, dapat na gamitin ng mga Pederal, pang-estado at lokal na opisyal, mga manggagawa, mga arkitekto, mga propesyunal sa insurance, mga may-ari ng property at negosyo ang mga ABFE upang makagawa ng mga mahusay na pasya tungkol sa muling pagtatayo ng gusali, at upang pagaanin ang epekto ng mga kaganapan ng baha sa hinaharap. Ang mga pipiling huwag gumamit ng mga ABFE ay mawawalan ng malaki-lang pagkakataong pagaanin ang kanilang peligro sa baha sa hinaharap.



Halimbawa lang ang prototype ng mga ABFE

Bilang karagdagan, makakatanggap ng puri para sa pagsunod sa mga pamantayang mas mataas kaysa sa mga minimum na kinakailangan ng NFIP ang mga komunidad na nakikilahok sa Community Rating System, na nagreresulta sa mga diskwento sa premium para sa mga policyholder na nasa mga lugar na mataas ang peligro.

Dapat na nakakaalam din tungkol sa kamakailangang pagsasabatas ang mga policyholder ng NFIP na maaaring makaapekto sa kanilang mga rate ng insurance sa hinaharap. Inaatasan ng Biggert-Waters Flood Insurance Reform Act of 2012 ang NFIP na alisin ang

mga subsidy at diskwento sa flood insurance at pataasin ang mga rate upang ipakita ang aktwal na peligro sa baha. Maaaring magkaroon ng malaki-laking epekto sa hinaharap ang mga probisyong ito sa mga rate para sa mga ari-ariang hindi umaayon sa mga kinakailangan ng NFIP, at makakaranas ng malaki-laking pagtaas ng premium ang mga ari-ariang hindi umaayon sa mga base flood elevation sa hinaharap.

Magiging bahagi ng impormasyong ginagamit upang mag-update ng mga FIRM ang impormasyong ginagamit upang gawin ang mga ABFE. Hindi tataas ang mga rate ng premium sa insurance, at hindi malalapat ang mga sapilitang kinakailangan sa pagbili hangga't hindi sumailalim sa pagsusuri, pagkomento at pagpapatibay ng mga lokal na pamahalaan ang mga base flood elevation. Lubos na hinihikayat ang mga komunidad na



gumamit ng mga ABFE upang muling magtayo ng gusali nang mas matibay, mas ligtas, at binawasan ang pagiging madaling mapinsala ng mga kagapan ng pagbabaha sa hinaharap. Ang pagbibigay ng maaasahan at napapanahong data ng flood hazard ay isang paraan lang na ginagamit ng FEMA upang tulungan ang mga tagagawa ng desisyon na tiyaking makakabawi nang mas matalino at mas matibay ang mga komunidad sa tabing-dagat ng New York at New Jersey pagkatapos ng mapanalantang kaganapang ito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga ABFE, mangyaring bumisita sa www.Region2Coastal.com sa Disyembre 2012. Bilang karagdagan, magiging mahalaga para sa mga may-ari ng ari-arian at negosyo na makipagtulungan sa kanilang mga lokal na opisyal upang lubos na maunawaan ang anumang mga kinakailangan para sa paggamit ng mga ABFE sa muling pagtatayo ng gusali. Ang mga pasyang gagawin ng mga may-ari ng ari-arian at negosyo ngayon ay maaaring makatulong na magbigay ng mas ligtas at mas matibay na hinaharap para sa kanilang pamilya o negosyo.

Bago muling magtayo ng gusali, dapat na konsultahin ng mga may-ari ng ari-arian at negosyo ang mga opisyal ng kanilang lokal na pamahalaan upang matukoy ang mga kinakailangang pagpapataas para sa kanilang bahay o gusali.